



UPDATE SA CUP BY-LAW #3 - HUNYO 7, 2022

Inaatasan ang mga negosyong tumanggap ng mga reusable cup ng mga kostumer sa pagsapit ng Hulyo 1, 2022

Mga Pag-amyenda sa Single-Use Cup By-law - may bisa sa Hulyo 1

Noong Hunyo 7, 2022 inaprubahan ng Vancouver City Council, ang mga pagbabago sa mga regulasyon ng cup sa Lisensiyang By-law Num. 4450 na ina-atasan ang mga negosyong tumanggap ng malilinis na reusable cup ng mga kostumer para sa mga inuming in-order sa loob ng tindahan simula sa Hulyo 1, 2022. Ang pag-aatas sa mga negosyong tumanggap ng mga reusable cup ng mga kostumer ay inaprubahan sa prinsipyo ng Konseho noong Marso 2, 2022.

Ang mga bagong inaatas ng by-law para sa mga reusable cup ay ginawa nang may patnubay mula sa mga awtoridad ng pampublikong kalusugan. Nakakatulong ang mga pagbabagong ito na mabigyan ang mga negosyo ng pagkakataon para sa kapatasan at pinahihintulutan ang mga kostumer na iwasan ang cup fee, at para din mabawasan ang basura sa pagpili ng reusable na alternatibo.

Mga detalye ng mga regulasyon para tumanggap ng mga reusable cup ng mga kostumer mula Hulyo 1, 2022

Ang mga nagtitinda ng pagkain ay dapat mayroong nakasulat at sinusundang pamamaraan sa paghahain ng inumin (mainit at malamig) sa malinis na reusable cup ng kostumer **para sa mga inumin na in-order sa tindahan**. Ang pamamaraan ay dapat ayon sa mga kasanayan sa kaligtasan ng pagkain at kalinisan na inaatas ng mga awtoridad ng pampublikong pangkalusugang.

- Maaaring tanggihan ng mga nagtitinda ng pagkain:
 - **Ang mga cup na hindi ligtas para sa pagkain** (hal., mga madumi o sirang cup).
 - **Mga cup na masyadong maliit para sa inuming in-order ng kostumer.**
 - **Mga cup na hindi ligtas para sa mga maiinit na inumin** (hal., isang uninsulated na glass jar).
- Ang pag-aatas na tumanggap ng reusable cup ng kostumer ay hindi rin ilalapat sa:
 - **Mga inumin na nakahain na sa mga reusable.** Kapag ang inumin ay hinahain na sa isang reusable cup na mula sa negosyo (hal., sa isang dine-in na restaurant), hindi inaatasan ang negosyong tumanggap ng reusable cup ng kostumer para sa inuming iyon.
 - **Mga alcoholic na inumin.** Ang mga may lisensiya sa alak ay responsableng siguruhin na ang mga parokyo ay hindi magdadala ng alak sa labas ng kanilang lugar ng paghahain ng alak.
 - **Mga event na may nagtse-check ng bag.** Mga event kung saan ang bawat parokyo ay sinusuri para maiwasan ang sinumang magdala ng mga bagay na maaaring magamit bilang mga panudla o projectile.



UPDATE SA CUP BY-LAW #3 - HUNYO 7, 2022

Inaatasan ang mga negosyong tumanggap ng mga reusable cup ng mga kostumer sa pagsapit ng Hulyo 1, 2022

- **Mga Drive-through.** Ang mga nagtitinda ng pagkain ay hindi inaataasang tumanggap ng mga reusable cup sa mga drive-through.

Tala: Ang bayad sa cup at ang ibang mga regulasyon sa cup ay ilalapat pa rin kapag ang mga reusable cup ay hindi matatanggap.

Para sa mga detalye sa bagong mga inaatas ng by-law para sa mga reusable cup, pumunta sa vancouver.ca/reduce-single-use

Ano ang kahugan nito para sa mga negosyo:

- Maa Kung ang inyong kasalukuyang plano sa kaligtasan ng pagkain at sanitasyon ay may kasamang nakasulat na pamamaraan sa pagtanggap ng malilinis na reusable cup ng kostumer, maaari kang magpatuloy sa pagsunod sa pamamaraan mo nang walang pagbabago sa inyong mga operasyon. **TIP:** Ipaalam sa mga kostumer na tumatanggap kayo ng mga reusable cup. Ang mga poster at till topper ay available sa vancouver.ca/reduce-single-use
- Kung wala pang kasamang nakasulat na pamamaraan ang iyong plano sa kaligtasan at kalinisan sa pagkain sa pagtanggap ng mga reusable cup ng mga kostumer, i-update ang iyong plano sa lalong madaling panahon at isumite ito sa iyong lokal na awtoridad sa kalusugan para sa pagsusuri at pag-apruba upang maaari mong simulan ang pagtanggap ng mga magagamit muli na tasa bago ang Hulyo 1, 2022. **TIP:** Ang mga pamamaraan sa contactless cup, na pinapayagan ng Vancouver Coastal Health, ay makikita sa vancouver.ca/cups

Mga Madalas Itanong

1. Maaari bang tumanggap ang mga negosyo ng mga malilinis na reusable cup ng mga kostumer sa panahon ng COVID-19 na pandemya?

Oo. Sa ilalim ng mga patnubay ng BC Centre for Disease Control at Vancouver Coastal Health, maaaring tumanggap ang mga nagtitinda ng pagkain ng mga reusable cup ng mga kostumer sa panahon ng COVID-19 sa kundisyon na idodokumento nila ang polisiya ng tindahan nila at sumusunod sa mga pamamaraan sa pag-iwas.

2. Anogn mga paraan ang magagamit ng mga nagtitinda ng pagkain para ligtas na tumanggap at punan ang reusable cups ng mga kostumer sa panahon ng COVID-19 na pandemya?

Ang “Mga Paraan sa Contactless Cup” ay nasa website ng Lungsod sa vancouver.ca/cups. Ginagamit ng mga cafe at restaurant sa buong mundo, ang mga pamamaraang ito ay ligtas sa pagtanggap ng mga reusable cup ng mga kostumer sa panahon ng COVID-19, at pinapayagan ng Vancouver Coastal Health.

Mag-download ng toolkit sa single-use item sa vancouver.ca/reduce-single-use



UPDATE SA CUP BY-LAW #3 - HUNYO 7, 2022

Inaatasan ang mga negosyong tumanggap ng mga reusable cup ng mga kostumer sa pagsapit ng Hulyo 1, 2022

3. Dapat bang tanggapin ng mga vendor ang madumi o mga sirang cup, o mga sisidlan na hindi gawa mula sa materyales na ligtas sa pagkain?

Hindi, ang mga vendor ng pagkain ay hindi inaatasang tumanggap ng mga reusable cup ng mga kostumer na hindi ligtas sa pagkain.

Ang mga vendor ng pagkain ay dapat bumuo at sumunod sa pamamaraan sa pagtanggap ng mga reusable cup ng mga kostumer, at ang mga pamamaraang ito ay dapat ayon sa utos ng pampublikong kalusugan. Nagbibigay ang [Panlalawigang Polisiya sa Paggamit ng Mga Reusable na Lalagyan ng Pagkain sa Mga Lugar ng Kainan sa B.C.](#) ng patnubay sa mga vendor ng pagkain para gumawa ng mga pamamaraan sa pagtanggap sa mga cup na madumi, hindi-food grade, o sira.

4. Sino dapat ang kausapin ng mga negosyo sa pag-update ng kanilang mga plano sa kaligtasan ng pagkain at sanitasyon, at mga ibang inaatas sa pampublikong kalusugan?

Kontakin ang inyong Environmental Health Officer. Kung ang Vancouver Coastal Health ay ang inyong lokal na pangkalusugang awtoridad, tumawag sa (604) 675-3800 o mag-email sa ehvc@vch.ca